# Film tourism sa Quezon City higit pang pauunlarin ni Joy B

Kasunod ng pagkumpleto ng dalawang pangunahing film festival ng lokal na pelikula para sa "Buwan ng Wika" ngayong taon, inilahad ni Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte ang layuning mapaunlad pa ang film tourism sa "City of the Stars" sa pamamagitan ng sariling international festival ng lunsod at iba pa nitong mga programa.

"Itinataguyod ng Quezon City ang sarili nito sa pamamagitan ng mayamang porma ng turismo at ito ang cinema tourism. Kaya meron tayong Quezon City international film festival," pahayag ni Belmonte sa kanyang talumpati sa isang travel and trade fair sa Quezon City.

Tinaguriang QCinema International Film Festival, ang city-wide na film festival ay sumusunod sa yapak ng iba pang lokal na film showcase tulad ng Cinemalaya Independent Film Festival at ang Pista ng Pelikulang Pilipino na parehong ginanap nitong buwan ng Agosto.

Tampok sa QCinema ang mga pelikulang gawa ng mga pausbong na independent filmmakers, shorts, international feature films, at digitally-remastered Filipino classics. Sa taong ito, ang QCinema 2018 ay gaganapin mula Oktubre 21 hanggang Oktubre 30, 2018.

Ipinaliwanag ni Belmonte na ang QCinema ay pinalawak pa ngayon upang maitampok din ang mga restaurants, hotels, at iba pang tourist sites sa lungsod na isasama sa sampung araw na itineraryo. Katulong ang Department of Tourism (DOT), maipo-promote rin ang QCinema bilang bahagi ng iba't iba pang atraksyon para sa mga bisita mula sa ibang bansa.

"Alam naman po ninyong lahat na ang atin pong pangarap na ang lungsod Quezon ay maging permanente nang makilala bilang sentro ng sining at kultura sa buong Pilipinas lalong-lalo na po sa larangan ng pelikula, tayo ay kinikilalang City of Stars by ordinance and Entertainment Capital of the Philippines at gusto po natin talagang patunayan sa lahat that we are deserving of these titles that have been bestowed upon us," paliwanag pa ni Belmonte.

Anya, ang konseho ng lungsod ay nag-iisip din ng isang ordinansa na aatasan ang mga sinehan na magtampok ng mga pelikulang Pilipino sa loob ng isang linggo sa panahon ng "Buwan ng Wika" tuwing buwan ng Agosto.

Ipinakita ng lokal na pamahalaan ang suporta nito para sa 2nd Pista ng Pelikulang Pilipino na ginanap noong Agosto 15 hanggang 21 ng Film Development Council of the Philippines (FDCP) upang tupdin ang pangako nito sa pagtulong sa mga lokal na filmmakers. *(Angie dela Cruz)*